ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LII Blg. 5
Marso 7, 2021
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Labanan at biguin ang mga opensiba ng kaaway

Sa hangaring pigilan ang pagdiriwang ng anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Marso 29, isa na namang koordinadong opensiba ng mga operasyong kombat, saywar, paniniil sa masa at walang habas na pambobomba ang inilulunsad ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) sa mga larangang gerilya sa iba't ibang panig ng bansa.

Sa kabila ng napakatinding krisis sa ekonomya at kabuhayan ng masa, bilyun-bilyong pisong pondo ang lulustayin sa magastos at batbat sa korapsyong mga operasyon ng AFP at PNP. Hayok na hayok ang mga pasista sa paggamit ng kanilang bagong mga helikopter, *drone*, eroplanong pandigma, baril, kanyon, mga bomba at libu-libong mga tropa para sindakin ang buong bayan sa kanilang armadong kapangyarihan.

Tulad noong Disyembre, walangsaysay na umaasa ang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) at ang AFP at PNP na mapipigilan nila ang paggunita ng mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan sa anibersaryo ng PKP. Sa pamamagitan ng mulat na pagharap ng mga yunit ng BHB sa malakihang operasyon ng AFP, nagawa nilang umiwas sa mga depensibong labanan at pagkaitan ang kaaway ng target sa kanilang operasyong kombat at pambobomba. Bunga nito, relatibong kakarampot ang natamong tagumpay ng AFP sa kabila ng todong pambansang opensiba nito kumpara noong Marso 2020. Mas mahalaga, nitong Enero, nakapaglunsad ang mga yunit ng BHB sa iba't ibang rehiyon ng mga taktikal na opensiba laban sa mga pagod at kulang na sa suplay na tropa ng kaaway na bigo sa kanilang opensibong operasyon bago sila bumalik sa kanilang kampo. Simula ng pagbubukas ng 2021, napanatili ng BHB ang relatibong mababang tantos ng mga depensibong labanan kumpara sa dami ng inilulunsad na taktikal na opensiba.

Para makaiwas sa mga depensiba at makuha ang inisyatiba para sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba, dapat panatilihing mataas ang antas ng disiplinang pangmilitar ng lahat ng yunit ng BHB at tuluy-tuloy na magpakahusay sa mga pamamaraang gerilya para makaiwas sa paniniktik ng kaaway gamit man ang mga *drone* o mga espiya. Dapat mahigpit na bantayan ang kilos ng mga yunit ng kaaway at basahin ang mga opensibong plano nito. Habang pinipili ng BHB ang

mga labanang sinusuong nito, dapat lagi ring handa ang mga yunit nito na epektibong harapin ang mga labanang hatid ng kaaway.

Kasabay nito, dapat magplano ng mga taktikal na opensiba laban sa nakahiwalay na mga tropa ng kaaway, mga *tactical outpost*, linya sa suplay ng kaaway at iba pang malalambot na target. Mahalagang target din ng mga taktikal na opensiba ang mga helikopter, *drone*, eroplano at iba pang kagamitang panghimpapawid ng AFP. Dapat piliin ng BHB ang pinakaakmang lugar, oras at pagkakataon para sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba.

Dapat tuluy-tuloy na palakasin ang suporta ng baseng masa para sa hukbong bayan laluna sa harap ng walang-lubay at pinatatagal na mga operasyon sa ilalim ng Retooled Community Support Program (RCSP) ng AFP na tabing para sa paggagarison sa mga baryo para supilin ang masa at ihiwalay sila sa hukbo. Dapat hindi hayaang mapatid ang ugnayan ng hukbo at ng masa, tuluy-tuloy na palakasin ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa at pagsulong ng mga pakikibakang agraryo para sa kapakanan ng masa. Dapat magpakahusay sa paggamit ng iba't ibang anyo ng pagkilos at pagtutol ng masa sa presensyang militar kaakibat ng armadong pakikibaka ng hukbo at mga yunit milisya. Sumandig sa malawak at malalim na suportang masa para sa paniktik, sa pagtitiyak ng suplay at pagtuwang sa mga yunit ng BHB sa pagsulong ng malawakang pakikidigmang gerilya.

Kasabay ng pukpukang pakikipaglaban sa mga matatatag na base, dapat patuloy na palawakin ang teritoryong kinikilusan ng mga yunit ng BHB. Dapat palawakin ang mga pakikibakang masa, itatag ang mga organisasyon at palawakin o buksan ang bagong mga larangang gerilya. Sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pagpapalawak, magagawang pagkaitan ng pokus ang kaaway, banatin ang kanyang pwersa at bigyan ng mas malapad na puwang para sa opensibong inisyatiba ng hukbong bayan.

Paulit-ulit na nabigo ang AFP at si Duterte sa taun-taong deklarasyong dudurugin ang BHB. Lantad nang huwad ang walang-tigil na saywar at mga kampanya ng "pagpasuko." Taliwas sa propaganda ng kaaway, patuloy na nagtatamasa ang BHB ng malalim at malawak na suporta mula sa masang magsasaka sa kanayunan dahil sa pagsusulong ng kanilang mga pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa at laban sa lahat ng porma ng pang-aapi at pagsasamantala. Patuloy na naglilingkod ang BHB bilang giya at katuwang ng masang magsasaka habang inilulunsad nila ang mga pakikibaka para sa repormang agraryo. Patuloy nitong ginagampanan ang tungkulin sa produksyon at gawain sa ekonomya, edukasyon, kalusugan, kultura at mga usaping pambaryo.

Gaya sa mga nagdaang pagkakataon, ang anibersaryo ng hukbo at ng Partido ay ginugunita sa paraan na umaangkop sa kalagayan. Sa mga lugar na walang mga operasyong militar, nakapagtitipon ang masa sa mga lihim na asembliya sa baryo o bundok. Sa mga lugar na dinudumog ng nag-ooperasyong tropa ng kaaway, naglulunsad ng mas maliliit na pagtitipon ang masa at mga Pulang mandirigma. Maliit man o malaki, hindi nababawasan ang kabuluhan ng paggunita sa araw ng pagtatatag ng BHB para alalahanin ang mga bayani at martir ng bayan, ipagdiwang ang mga nakamit, tukuyin ang mga kahinaan at ibayong magpakatatag para isabalikat ang mabibigat na tungkulin sa pagsusulong ng digmang bayan.

Ang kasalukuyang lagay ng digma ay may kaakibat na matinding sakripisyo sa bahagi ng hukbong bayan. Kinakailangan ang mga ito para mapanatili ang mga pwersa ng BHB, mapalalim ang suporta ng mamamayan, at maipagtanggol ang mga organisasyong masa at palawakin ang erya sa operasyon ng BHB. Kinakailangan ang mga sakripisyong ito para isulong ang adhikain ng mamamayang Pilipino para sa pambansang demokrasya. AB

ANG Bayan

Tomo LII Blg. 5 | Marso 7, 2021

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Labanan at biguin ang mga opensiba ng kaaway 1
Gawaing rekoberi sa gitna ng pandemya 3
PNP, inambus ng BHB-Sorsogon 3
BHB-EV, tiwala na mabibigo ang AFP 4
*Crackdown* sa Southern Tagalog 4
Atake sa mga tagapagtanggol ng mga Tumandok 4
Karahasan sa mga Moro 5
5 sibilyan, pinaslang sa Bicol 5
Wala nang inosente 5
Ang pulitika ng bakuna 6
Pag-aalangan sa pagpapabakuna 7
Katiyakan sa ekonomya ng kababaihan 7
Bilyun-bilyong kita ng mga *telco* 9
Imperyalistang pamumulitika ni Biden 9
Industriya ng papel sa bingit ng pagbagsak 10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Gawaing rekoberi sa gitna ng Covid-19 at atake ng kaaway

Sa gitna ng masinsing pakat ng kaaway at walang-tigil na nakapokus na operasyong militar sa isang larangang gerilya sa Timog Katagalugan, nakapagpunyagi ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) na maglunsad ng gawaing rekoberi sa Maro.

Halos isang dekadang naiwan ng mga kasama ang Maro. Sa Maro ipinundar ang unang binhi ng rebolusyon sa lugar. Nakapagpalitaw rito ng mga kasapi ng rebolusyonaryong organisasyong masa at mga Pulang mandirigma at kumander. Dahil dito, ilang taong pinokusan ng kaaway ang Maro upang wasakin ang kanilang pagkakaisa. Nagpakat dito ng mga detatsment ng CAFGU at nagpakawala ng mga grupong paramilitar at *vigilante*. Nang kumalat ang pandemyang Covid-19, nagtayo rin ng mga tsekpoynt sa mga kalsada.

May mga pagsisikap na balikan ang Maro subalit sa mahabang panahong ay naging tawiran lamang ito ng BHB patungo sa ibang erya. Bunsod ng pagtalima sa kilusang pagwawasto at pangangailangan para sa mas malapad na base ng larangang gerilya, determinadong binalikan ng BHB ang Maro.

Salat sa kaalaman sa lugar, tereyn at masa ang yunit ng BHB na ipinakat sa lugar. Subalit puhunan nila ang mayamang rebolusyonaryong kasaysayan ng Maro para mapangahas na suungin ang masinsing pakat ng kaaway at tunguhin ang masa.

Kagyat na inalam ng yunit ang kalagayan ng masa sa Maro. Dahil sa krisis ng pandemyang Covid-19, nakararanas ang masa ng matinding kahirapan at kawalan ng hanapbuhay. Maraming mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid ang hindi makaluwas para maghanap ng trabaho dahil sa militaristang *lockdown*. Karamihan sa mga magsasaka ay walang sariling lupa at napapailalim sa partehang 60-40 pabor sa panginoong maylupa.

Sa unang buwan ng yunit ng BHB sa Maro, naglunsad sila ng kampanyang sanitasyon at edukasyon hinggil sa Covid-19. Nagbigay sila ng libreng tsek-ap at iba pang serbisyong medikal sa masa. Tinulungan din nila ang mga anak ng masang magsasaka sa pagsagot ng modyul. Tinuturuan nila ang mga tagarito sa paggamit ng selpon at *internet* para sa *flexible learning*. Tumulong din ang yunit sa gawaing produksyon sa erya.

Ang pagtuwang ng BHB sa pang-araw-araw na gawain at pasanin sa gitna ng Covid-19 ay nagbigay-puwang upang makagaan sa mga suliranin at makaluwag ang mga residente sa lugar. Nagkaroon sila ng panahon para itaguyod ang BHB na buong-puso nilang sinuportahan. Kabilang sa kanilang ginawa ay ang pag-iwas sa yunit sa mga operasyong militar at paggiya tungo sa ligtas na lugar.

Nang makatanggap ang yunit ng atas na maglunsad ng aksyong militar, kagyat na nagbunga ang pagpupunyagi sa gawaing masa. Sa tulong ng masa, nailihim ang kanilang presensya sa mga nag-ooperasyong sundalo at nailunsad ang matagumpay na opensiba laban sa kaaway na may kulang dalawang kilometro ang layo sa isang tsekpoynt ng militar at pulis.

Hindi naging hadlang ang masinsing pakat ng kaaway o kasalatan ng kaalaman sa lugar para muling balikan ang masa sa mga eryang rekoberi. Matapos ang unang buwan sa gawaing rekoberi ng yunit ng BHB, nagdiwang ang mamamayan ng Maro dahil muli nilang nakasama ang BHB. AB



### PNP, inambus ng BHB-Sorsogon

TATLONG PULIS ANG sugatan sa ginawang ambus ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Sorsogon sa Barangay Putiao, Pilar noong Pebrero 22. Isa dito si MSgt. Osmer Edwin Apa.

Ang aksyong ito ay tugon ng BHB sa mga krimen ng PNP sa masang Sorsoganon. Tampok dito ang pagmasaker sa limang magsasaka sa Dolos, Bulan noong nakaraang taon at pagpatay kay Michael Bagasala, dating Pulang mandirigma. Ang mga operasyong ito ay tulak ng lokal na programang kontra-insurhensya ng Regional Task Force Katoninongan asin Kauswagan.

**Misamis Occidental**. Tinambangan ng BHB ang mga tropa ng 10th IB sa Barangay Lampasan, Don Victoriano noong Enero 30. Limang sundalo ang napatay.

**Surigao del Sur**. Patay si Darwin Suazo, aktibong elemento ng CAFGU sa pananambang ng BHB sa Hitaob, Barangay Awasian, Tandag City noong Pebrero 3.

# BHB-EV, tiwalang mabibigo ang dedlayn ng AFP sa Samar

Tiwala ang Bagong Hukbong Bayan-Eastern Visayas (BHB-EV) na muling mabibigo ang panibagong dedlayn ng 8th ID na "durugin" ang tatlong larangang gerilya sa rehiyon sa ikalawang kwarto ng 2021, at ang ika-apat bago magtapos ang termino ni Rodrigo Duterte.

Sa ulat nito ngayong buwan, sinabi ng BHB-EV na umaabot na sa 18 batalyong pangkombat ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) ang nag-ooperasyon sa rehiyon. Ito na ang pinakamaraming konsentrasyon ng tropa ng estado sa kasaysayan ng lugar. Hindi bababa sa 15 bayan ang pokus ngayon ng mga operasyong kombat. Kabilang dito ang Southern Leyte, Leyte at Biliran na dati nang idineklarang "libre sa insurhensya."

Noong Pebrero ay nagpakat din ng 226 na elemento ng PNP Special Action Force. Maliban sa mga ito ay mayroong 86 detatsment ng CAFGU na nakakalat sa rehiyon. Gumagamit ang AFP dito ng mga eroplanong pandigma, helikopter at *drone*.

Sa harap nito, tuluy-tuloy na dumadanas ng mga kaswalti ang AFP at PNP. Noong Pebrero 13, dalawang elemento ng PNP-SAF ang namatay sa aktibong depensa ng Rodante Urtal Command sa Ginagdanan, San Roque, Northern Samar. Makalipas ang dalawang araw, inambus naman ng parehong yunit ng BHB ang 43rd IB sa Barangay Cagbigajo, Pambujan ng parehong prubinsya.

Noong Pebrero, di bababa sa apat na opensiba ang nailunsad ng BHB laban sa nag-ooperasyong tropa ng AFP sa bawnderi ng Samar at Eastern Samar.

Hindi rin tumatalab ang kampanya ng sapilitang pagpapasurender ng AFP. Inamin mismo ng 19th IB na "bumabalik" din sa pagpultaym ang ilang "surenderi." Sinabi ito ng kumander ng yunit-militar matapos ang isang seremonya ng sapilitang pagpapasurender sa Matuguinao noong Pebrero. AB

## *Crackdown* sa Southern Tagalog: 5 patay, 8 inaresto

LIMA ANG PINATAY at walo ang inaresto sa ala-Tokhang na mga operasyon ng pulisya at militar sa Southern Tagalog simula Marso 4. Madaling araw isinagawa ang mga operasyong ito.

Pinaslang ng mga pulis si Emmanuel Asuncion, lider ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan)-Cavite sa hedkwarters ng mga manggagawa na kanyang tinutuluyan sa Dasmariñas, Cavite noong Marso 7.

Kasabay nito, dinukot ng mga pulis ang mag-asawang sina Ariel at Chai Evangelista, mga istap ng UMALPAS KA, kasama ng kanilang 10-taong gulang na anak sa Nasugbu, Batangas. Pinaslang ang mag-asawa habang nakatakas ang kanilang anak. Naiulat din ang pagpatay ng mga pulis sa aktibistang sina Michael Dasigao at Mark Lee Bacasno ng Sikkad-K3 sa Montalban, Rizal.

Sa parehong araw, magkakasunod na inaresto ng mga pulis sina Steve Mendoza ng Olalia-KMU at Elizabeth Camoral ng Bayan-Laguna sa Cabuyao, Laguna; at Nimfa Lanzanas ng Kapatid-Southern Tagalog sa Calamba.

Dalawang lider magsasaka ang inaresto sa Montalban, Rizal, at isa pang katutubong Dumagat sa Tanay. Nireyd din ang bahay ni Lino Baez ng Bayan-Batangas sa Sto. Tomas, ngunit wala siya roon kaya hindi siya naaresto.

Noong Marso 4, magkasunod na inaresto sina Ramir Corcolon, myembro ng pambansang konseho ng Courage, sa San Pablo, Laguna; at Arnel Laguinas, dating unyonista sa pabrika ng Honda, sa Sta. Rosa.

Ang mga mandamyentong ginamit sa mga operasyong ito ay inilabas nina Laguna Judge Divinagracia Bustos-Ongkeko, Manila RTC Judge Jose dela Rosa, at Manila RTC Judge Jason Zapanta. Si dela Rosa rin ang nag-isyu ng mandamyento na ginamit ng mga pulis na nagmasaker sa siyam na lider Tumandok sa Panay noong Disyembre 2020.

## Atake sa mga tagapagtanggol ng mga Tumandok

BRUTAL NA INATAKE ng mga ahente ng estado ang dalawang tagapagtanggol ng mga Tumandok noong nakaraang linggo.

Binaril at napatay ng nagpakilalang mga pulis noong Pebrero 28 si Julie Catamin sa Malitbog, Tapaz, Capiz. Si Catamin ay kapitan ng Barangay Roosevelt sa parehong bayan. Ibinunyag ni Catamin na tinamnan ng mga armas at eksplosibo ang tahanan ng apat na residente ng kanyang barangay noong Disyembre 2020. Kasabay ng insidenteng ito ang pagmasaker sa siyam na magsasakang tinaguriang Tumandok 9.

Noong Marso 3, sinaksak sa ulo at likod ng dalawang di nakilalang lalaki si Atty. Angelo Karlo Guillen sa Gen. Luna St., Iloilo City. Si Guillen ang abugado ng mga pamilya ng mga Tumandok at magsasakang inaresto sa Capiz at Iloilo noong Disyembre 2020. Kabilang din siya sa mga abugado ng mga nagsampa ng petisyon laban sa Anti-Terror Law (ATL). Tumatayo siyang pangkalahatang kalihim ng National Union of People's Lawyers-Panay.

# Karahasan sa mga Moro sa tabing ng "gera kontra-terorismo"

Kahit sa gitna ng pandemya, tuluy-tuloy na nagpapakawala ang rehimeng Duterte ng lagim sa mga komunidad ng mga Moro sa tabing ng "gera kontra-terorismo." Mula Disyembre 2020, libu-libong pamilya ang nagbakwit dulot ng pagsalakay ng pwersa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa kanilang mga komunidad sa kunwa'y mga operasyong pagtugis sa "natitirang pwersa" ng Bangsamoro Islamic Freedom Fighters (BIFF), Abu Sayyaf at maliliit na grupong iniuugnay ng rehimen at US sa "ISIS." Hindi bababa sa anim na menor de edad at isang buntis ang namatay sa dulot ng mga operasyong ito.

**Lanao del Sur.** Tatlong kabataan ang napatay habang isang buntis ang sugatan nang salakayin ng mga elemento ng 5th IB ang Moro Islamic Liberation Front Extension Camp, sa Amai Manabilang noong Pebrero 20. Kinanyon at inistraping ng mga sundalo ang komunidad sa loob ng 15 minuto.

Noong Pebrero 4, binomba naman ng 55th IB ang mga komunidad sa Alonganan at Buayan, Datu Piang dahil may namataan umano rito na mga kasapi ng BIFF at Dawlah Islamiyah.

**Basilan.** Noong Enero 29, mahigit 40 pamilya ang lumikas nang salakayin ng mga pwersa ng AFP ang kanilang komunidad sa Barangay Bohebaca, Tipo-tipo. Isa ang naulat na nasawi habang isa ang sugatan.

Sa Barangay Seronggonon, mayroon namang 200 pamilyang nagbakwit noong Enero 12 nang umatake ang Joint Task Force Basilan sa kanilang komunidad.

**Maguindanao.** Dalawang bata ang malubhang nasugatan sa pambobomba ng 57th IB sa Sambulawan, Datu Salibo noong Disyembre 13, 2020. Pumanaw na ang isa sa mga biktima noong Pebrero 14.

Binomba at inistraping din ng 57th IB at 2nd Mechanized Battalion ang mga residente ng barangay Pusaw sa Shariff Saydona Mustapha noong Disyembre 15. Nasawi sa insidente si Rabea Damada Lakim na noo'y pitong buwang buntis. Nagresulta ang mga pambobomba sa pagbabakwit ng 1,500 pamilya.

Noong Enero 30, mahigit 600 pamilya ang lumikas dahil sa labanan sa pagitan ng BIFF at AFP sa Tapatan, Barangay Kitango, Datu Saudi Ampatuan.

**Sulu.** Sa Patikul at Jolo, hindi bababa sa 12 kababaihang Moro ang inaresto sa dalawang insidente ng panghahalughog noong Oktubre 10, 2020 at Pebrero 19 dahil potensyal umano silang maging *suicide bomber*. Kabilang sa kanila ang mga inang may maliliit na sanggol. Tinukoy silang mga balo, asawa at anak umano ng mga lider ng Abu Sayyaf. AB

## 5 sibilyan, magkakasunod na pinaslang sa Bicol

LIMANG SIBILYAN ANG pinatay ng mga sundalo at pulis sa magkakahiwalay na insidente mula Marso 1 sa Camarines Norte at Camarines Sur. Pinalabas nila na pawang "nanlaban" ang mga biktima at mga kasapi o tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan.

Tatlo ang minasaker sa Barangay Lanot, Mercedes, Camarines Norte noong Marso 3. Pinagbabaril ng mga pasista ang mga biktimang sina Enrique Cabilles, Arnel Candelaria at Nomer Peda.

Pinaslang naman ng mga sundalo si Kagawad Melandro Verso sa Barangay Talobatib, Labo, Camarines Norte noong Marso 1. Nireyd ng 70 sundalo ang kanyang bahay. Sa parehong araw, pinaslang ang isa pang residente ng Barangay Balogo, Pasacao, Camarines Sur.

**Pag-aresto.** Sa Sorsogon, inaresto noong Pebrero 23 ang magsasakang si Salvador Magas matapos masugatan sa pagpapaputok ng 22nd IB sa Barangay Marinab, Bulan.

Inaresto rin noong Disyembre 2020 sa Barangay Lalud, Bulusan sina Enriqueta Guelas, 62, at Elizabeth Estilon, 41. Buntis si Estilon nang dakpin ng militar. Sila ang pangalawang bats na kinasuhan ng paglabag sa Anti-Terror Law.

Sa Negros Occidental, nireyd ng pinagsanib na pwersa ng 94th IB at pulis ang tatlong bahay sa Barangay San Antonio, Himamaylan City noong Marso 3. Inaresto dito ang magsasakang sina Salvador Carpentero at Jillian Delfin.

## Wala nang "inosente" sa ilalim ng panukalang batas

MARIING TINUTULAN NG blokeng Makabayan ang panukalang ipinasa sa Kongreso noong Marso 2 na babaklas sa saligang karapatang ituring na inosente ang isang indibidwal hanggang di napatutunayan ang kanyang krimen.

Anito, tinatanggal ng House Bill No. 7814 ang batayang mga proseso ng hustisya sa mga pinagsususpetsahang sangkot sa iligal na droga.

Sa ilalim nito, agad na ipagpapalagay na maysala bilang protektor o nagkakanlong ang isang tao kapag may kakilala siya na nag-eeksport ng iligal na droga at tinulungan niya itong makaiwas ng aresto.

Maysala rin agad ang isang mahuhulihan ng resibo o anumang papeles na may kaugnayan sa importasyon o eksport nito. Ang anumang ebidensya na nagbigay ng pondo ang isang kilalang *importer* o eksporter ng droga sa isang indibidwal ay awtomatikong ituturing na “ebidensya” laban sa kanya. Marami pang ibang probisyon na nagtatanggal sa batayang karapatan ng mga indibidwal na maaaring sangkot o hindi na sangkot sa iligal na droga.

# Ang pulitika ng bakuna




Personal na sinalubong ni Rodrigo Duterte ang mga bakunang dumating mula sa China sa Villamor Airbase noong Pebrero 28. Noong Marso 4, dumating na rin ang halos 500,000 dosis mula sa Covax Facility ng World Health Organization (WHO). Liban sa mga manggagawa sa kalusugan, prayoridad ng rehimen na mabakunahan ang mga sundalo at pulis. Ang Pilipinas ang pinakahuling bansa na nakatanggap ng bakuna sa Southeast Asia, kahit pa ito ang may pangalawang pinakamataas na bilang ng mga nahawa sa rehiyon. Dumating ang mga ito sa panahong 241 milyong dosis na ang naibigay sa 103 bansa sa buong mundo.

Sa datos ng *Bloomberg* noong Pebrero 12, 36.2% pa lamang ng populasyon ng Pilipinas ang sinaklaw ng mga kontrata sa suplay ng bansa. Wala pang ni isa sa mga ito ang dumarating sa bansa. Sa kabila ng pagdating ng mga bakuna, namamayani sa Pilipinas ang pag-aalangan sa pagpapabakuna. May mga manggagawa sa kalusugan na tumangging magpaturok ng Sinovac dahil sa nababalitang mababa na epektibidad nito sa kanilang hanay.

**Diplomasya gamit ang bakuna**

Ang 600,000 bakunang CoronaVac na gawa ng Sinovac Biotech ay "donasyon" ng China sa Pilipinas. Bahagi ito ng tinaguriang "diplomasya gamit ang bakuna" at hindi ng planadong pagbili ng gubyerno na ginawang dahilan para umutang ng bilyun-bilyong piso. Sa halip na ituring ang bakuna na usaping makatao, ginagamit ng mga bansang nagmamanupaktura nito ang kanilang suplay para isulong ang kanilang layunin sa ekonomya, pulitika at diplomasya. Ang "donasyon" ng China, halimbawa, ay may kaakibat na kundisyong 100,000 dosis nito ay ibibigay sa militar. Dagdag pa dito ang kontrata sa pagbili ng dagdag na dosis, o pagtiyak ng mga proyekto o pautang, pagpalaki ng impluwensya at iba pa.

Kalakaran din ng China ang diplomasyang bakuna sa Latin America, Africa at iba pang bansa sa Southeast Asia. Handa itong magpautang ng $1 bilyon para ipambili ng naturang mga bansa ng bakunang gawang-China. Ginawa nitong "prayoridad" ang mga militar ng Pakistan, Nepal at Cambodia—mga bansang malapit sa kinakalaban nitong India.

Tulad ng China, gumagamit din ng diplomasyang bakuna ang Israel sa mas masahol na paraan. Ibinigay ng bansa ang "sobrang" mga dosis sa mga bansang tahasang sumusuporta sa okupasyon nito sa Jerusalem. Ito ay habang tinatanggihan ang obligasyong bigyan ng bakuna ang mamamayang Palestinian sa okupado nitong mga teritoryo. Sa ngayon, lampas 50% na ng populasyon ng Israel ang nabakunahan, habang kakarampot na 2,000 dosis lamang ang ibinigay nito sa Palestine.

Ipinagsisilbi rin ng India at Russia ang gawa nitong mga bakuna sa mga layuning militar.

**Nasyunalismo sa bakuna**

Winasak ng selektibong diplomasyang bakuna ang mga pagsisikap ng WHO na tiyaking hindi mapag-iiwanan ang mga manggagawa sa kalusugan at bulnerableng mga grupo sa mahihirap na bansa. Pero una nang humina ang itinayo nitong sentro, ang Covax Facility, dulot ng pagkopo ng mayayamang bansa sa suplay ng bakuna sa tinaguriang "nasyunalismo sa bakuna."

Sa ilalim ng "nasyunalismo sa bakuna," 60% ng suplay ng bakuna sa mundo ay ipinareserba para lamang sa 16% ng pandaigdigang populasyon dulot ng pagsusubi ng mayayamang bansa. Ayon sa mga ulat, nagpareserba ang US ng mga bakunang apat na beses na mas marami sa mamamayan nito, ang Canada ng anim na beses at ang mga bansa sa European Union nang doble sa bilang ng kanilang mga residente.

Dahil dito, kulang na kulang ang naipong bakuna ng Covax Facility. Noong Disyembre 2020, 400 milyong dosis pa lamang sa target na 2 bilyon ang nalikom ng pasilidad. Imbes na bakuna, pondo ang ipinangako ng US. Hawak ng mga kumpanyang US ang tatlo sa anim na aprubado nang mga bakuna. Ang US din ang may isa sa pinakamalaking kakayahang magmanupaktura. Kamakailan, humiling ang Mexico ng bakuna sa US, pero tahasan itong tinanggihan dahil "prayoridad ng gubyernong Biden ang mamamayang Amerikano."

Hindi rin pumayag ang US na bigyan ng suplay sa ngayon ang Pilipinas sa kabila ng pag-alok ng rehimen ng mas mataas na presyo ng pagbili. Kukumpletuhin muna nito ang mayorya ng sariling mamamayan, bago magsimulang magluwas ng bakuna sa ikalawang hati pa ng taon.

Ayon sa WHO, kailangang mabakunahan ang minimum na 60% ng mamamayan para maabot ang "herd immunity" o kolektibong kakayahan ng populasyon na labanan ang sakit. Dahil sa nasyunalismo sa bakuna, tinatayang sa 2024 pa masusuplayan ang kalakhan ng mga bansa na wala o nagkulang ng pambili ng kinakailangang bakuna para maabot ito. AB

## Pag-aalangan sa pagpapabakuna

LAGANAP SA BUONG mundo ang pag-aalangan at kawalang-tiwala sa mga bakuna laban Covid-19. Idinulot ito ng mga pagdududa sa pangkalahatang kaligtasan, kahalagahan at bisa sa mga bakuna sa nakaraang mga taon. Sa maraming lugar, nakaugat sa kasaysayan ang pagdadalawang-isip ng mamamayan sa mga bakuna.

Sa US, halimbawa, mas maraming Itim at Hispanic ang walang tiwala sa mga bagong bakuna kumpara sa mga puti. Ito ay dahil sa maraming pagkakataon, isinangkot sila sa mga eksperimento o pag-aaral na lingid sa kanilang kaalaman. Dulot din ito ng sistematikong diskriminasyon sa kanila sa sistema ng kalusugan na kumikiling sa mga puti.

Sa isang pag-aaral na ginawa mula 2015 hanggang 2019, isa ang Pilipinas sa may pinakamataas na pag-aalangan sa kaligtasan ng mga bakuna, laluna sa mga bakuna para sa mga bata. Ito ay dulot ng dokumentadong mga pag-alala sa bakunang Dengvaxia. Sa parehong panahon, bumagsak din ang tiwala sa mga bakuna sa maraming bansa sa Europe. Ito ay kahit pa napatunayan na sa aktwal na mabisa at ligtas ang marami sa mga bakuna.

Nakaugnay din ang pagdududa sa mga bakuna sa paglilihiman ng malalaking kumpanya sa parmasyutika sa kanilang pananaliksik. Ganito ang katangian ng negosyong bakuna na pinauunlad at minamanupaktura hindi para sa kabutihan ng lahat, kundi para sa kapitalistang tubo ng iilan.

Gayunpaman, idiniin ng World Health Organization na ang importante sa kagyat ay ang maproteksyunan ang mamamayan, laluna ang mga manggagawa sa kalusugan at mga bulnerableng grupo, laban sa hospitalisasyon, malalang pagkakasakit at kamatayan. Lahat ng mga bakunang aprubado na ay epektibo laban dito. Mahigpit itong inirerekomenda ng ahensya kahit sa mga bansang may lumitaw na mga bagong baryant. AB

**EDSA 35**. Higit 500 ang nagtipon sa harap ng Camp Aguinaldo sa Cubao, Quezon City noong Pebrero 25 para gunitain ang ika-35 anibersaryo ng pag-aalsang EDSA. Pinangunahan ito ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) at mga organisasyong pambansa-demokratiko. Inilunsad din ang mga protesta sa Laguna, Angeles City, Baguio City, at Naga City.

**BakwitSchool7**. Nagprotesta ang mga myembro ng Save Our Schools Network sa Quezon City noong Pebrero 22 at Cebu City noong Pebrero 28 para ipanawagan ang kagyat na pagpapalaya sa pitong inarestong mag-aaral na Lumad, guro at datu sa Bakwit School sa Cebu noong nakaraang buwan. Kinundena rin nila ang sapilitang pagpapauwi sa pitong kabataang Lumad at paglipat sa mga inaresto nang hindi ipinaalam sa kanilang mga abugado at kaanak.

**DuterTUTA**. Isang raling iglap ang isinagawa noong Marso 5 ng mga myembro ng League of Filipino Students sa harap ng embahada ng US para kundenahin ang patuloy na panghihimasok ng US sa bansa.

### 3.5 milyong kababaihan, nawalan ng katiyakan sa ekonomya dulot ng *lockdown*

SA LOOB NG isang taong *lockdown* ng rehimeng Duterte, nadagdagan ng 3.5 milyon ang bilang ng mga kababaihang "walang katiyakan sa ekonomya." Mula 16 milyon noong 2019, 19.54 milyon na sila sa 2020.

Pinakaapektado ang mga magsasaka at manggagawang kababaihan na nalugi sa napakababang presyo ng kanilang mga produkto at malawakang pagsasara ng maliliit na empresa. Kabilang dito ang 1,000 manggagawang karamihan ay kababaihan na tinanggal sa pabrika sa Laguna ng Hanes, kumpanyang nagmamanupaktura ng damit.

Sa iba't ibang bahagi ng mundo, mas maraming babae kaysa lalaki ang nawalan ng trabaho at/o pumiling manatili sa bahay para asikasuhin ang kanilang mga pamilya. Sa isang pag-aaral gamit ang datos sa US at India nitong Marso 2021, halos doble ang porsyento ng natanggal na kababaihang manggagawa kumpara sa porsyento ng kalalakihang manggagawa sa ilalim ng pandemya. Sa pangkalahatan, hawak ng kababaihan ang 39% ng pandaigdigang empleyo, pero 54% ng mga nawalan ng trabaho ay mga babae. Ito ay dahil kalakhan sa kanila ay nagtatrabaho sa mga sektor na pinakaapektado ng pandemya. Gayundin, marami sa kanila ang napupwersang gumampan ng mas maraming trabahong pambahay at bumalikat sa pagtuturo sa kanilang mga anak dulot ng pagsasara ng mga eskwelahan.

Mas malala ang datos sa Pilipinas kung saan marami na sa kababaihan ang dati nang hindi ibinibilang sa datos ng pwersa ng lakas-paggawa. Sa *labor force survey* noong Oktubre 2020, 45% lamang ng kababaihan ang ibinilang, kumpara sa 72.3% ng kalalakihan.

Sa isang pag-aaral na isinagawa sa sektor ng *e-commerce* sa Asia, napag-alaman na mas maraming kababaihang Pilipino ang nawalan ng trabaho dito kumpara sa mga kabaro nila sa ibang bansa. Bumagsak ang bilang ng mga babaeng humahawak ng matataas na pwesto noong nakaraang taon kumpara sa 2018. Hindi ganito kadami ang nawalan ng pusisyon sa Thailand, Hongkong at Vietnam na hindi nagpatupad ng kasinghigpit na mga *lockdown*.

## SA MADALING SALITA

# 99%

## o 14.5 milyong

estudyante ang "pasado" sa *blended learning*, ayon sa ulat ng Department of Education. **Hindi ito kapani-paniwala, ayon sa mga senador.**

**Pinagkunan:** Senate Hearing, Marso 3, 2021

# ₱100

panawagan ng mga manggagawa na **umento sa arawang sahod** sa harap ng pagsirit ng presyo ng mga bilihin ngayong pandemya.



# ₱700 Milyon

ang **nawawalang kita** ng mga manggagawa kada araw sa mga lugar na nakapailalim pa rin sa *general community quarantine*.

**Pinagkunan:** Department of Labor and Employment, Marso 2021

# 2,800

kaso ng **rasistang atake** at **diskriminasyon** sa US laban sa mga **Asian American** mula nang manalasa ang pandemya Covid-19, **8 beses** na mas marami kumpara sa 2019.

**Pinagkunan:** Stop AAPI Hate



# Higit 60

**raliyista na ang namatay** sa pamamaril ng militar at pulis sa Myanmar mula **Pebrero 26** sa mahigit isang buwan nang **araw-araw na protesta laban sa huntang militar**.

# ₱500 BILYON AT ₱921 MILYON

**halaga ng mga kontrata** sa mga kumpanyang **Chinese** na ipinawalambisa ng mga upisyal ng gubyerno noong Enero-Pebrero.

Sangkot dito ang mga kumpanyang katuwang ng China sa pagtatayo ng mga iligal na istruktura sa West Philippine Sea.

# B.1.351

**baryant ng Covid-19** na unang nakita sa **South Africa.**



Naiulat na **may 6 nang Pilipino ang nahawa** ng baryant na ito noong Marso 2.

# PROCLAMATION 1107

nagrereklasipika sa tatlong **"special non-working holiday"** (mga espesyal na araw na walang trabaho ngunit may sweldo) tungong **"special working holiday"** para sa taong 2021.

- Nobyembre 2
- Disyembre 24
- Disyembre 31

## Bilyun-bilyong kita ng mga *telco* sa gitna ng pandemya at mabagal na serbisyo

Bilyun-bilyon ang kinita ng dalawang kumpanya sa telekomunikasyon (*telco*) dulot ng *lockdown* na nagpwersa sa mayorya ng populasyon na umasa sa mahina, mabagal at putol-putol na serbisyo nito. Pinakamalaki ang itinaas sa bilang ng mga *subscriber* o kumuha ng serbisyong *home broadband* dahil rekisito ito sa mga kaayusang *work-from-home* at *online class*. Ayon sa isang senador, hindi katulad ng singil sa kuryente na pwedeng hindi agad bayaran, laging buo ang singil ng dalawang kumpanya. Sa iskemang "pre-paid," nagbabayad muna mga konsyumer bago magamit ang serbisyo ng mga *telco*.

Sa usapin ng rebenyu, tumabo ang PLDT (kung saan nakapailalim ang Smart) na ayon sa hepe sa operasyon nito na si Manuel Pangilinan ay dumanas ng isang "maningning" na taon noong 2020. Sinabi ni Pangilinan na pinakamataas sa kasaysayan ng kumpanya ang ₱171.5 bilyong rebenyung nalikom noong 2020. Tumaas din nang 9% ang netong kita ng kumpanya tungong ₱124.5 bilyon dulot ng 18% na paglawak ng serbisyong *broadband* nito. Mayroon ito ngayong 73 milyong *subscriber*.

Sa kaso ng Globe Telecommunications, lumiit nang 2% ang rebenyu at 13% netong kita noong 2020. Gayunpaman, kumita pa rin ito ng ₱19.5 bilyon dulot ng pagtaas sa serbisyong *home broadband* nang 23%. Mayroon itong 76.6 milyong *subscriber* sa ngayon.

Sinasabing bumilis na ang serbisyong *internet* sa bansa kumpara noong nakaraang taon. Mula sa pwestong 111 noong 2019, pang-86 na sa 140 bansa ang Pilipinas sa listahan ng bilis ng *mobile internet*. Gayunpaman, lagpas lamang sa kalahati ang bilis nito (25.77 *megabytes per second* o mbps) kumpara sa pandaigdigang abereyds (46.74 mbps). Walang ring iniunlad ang bilis sa *fixed internet* na nakapako sa 32.73 mbps kumpara sa 98.96 mbps na pandaigdigang abereyds. Noong nakaraang taon, napakarami ang nagreklamo kaugnay sa napuputol na mga pulong at klase na nangangailangan ng mabilis at istableng *signal*. Dumadaan ang serbisyong *mobile internet* sa mga *cellsite* habang ang *fixed internet* ay dumaan sa *fiber, cable* o DSL.

Limitadong-limitado pa rin ang saklaw ng serbisyong *internet*. Sa ngayon, mayroon lamang 20,000 *cell tower* na nagsisilbi sa mahigit 113 milyong pinagsamang bilang ng mga *subscriber* sa bansa. Ibig sabihin, nagsisilbi ang isang *cell tower* sa 4,000 bahay o pamilya. Ayon sa mga eksperto sa industriya, dapat nasa 200-300 pamilya o 1,000 *subscriber* lamang ang sineserbisyuhan ng kada *cell tower*. Mangangailangan ng dagdag na 50,000 *cell tower* ang bansa para humabol sa bilis at stabilidad ng *internet* ng Vietnam.

Sa pagdinig kaugnay dito sa Senado noong Marso 4, nasa 3.6 milyon lamang sa mahigit 22 milyong estudyante sa mga pampublikong paaralan ang may akses sa *internet*. AB

---

## Imperyalistang pamumulitika ni Biden sa Middle East

UMANI NG MALAWAKANG pagbatikos ang imperyalistang maniobra ni US Pres. Joseph Biden sa Middle East nitong huling linggo ng Pebrero. Sa isang banda, iniutos niya sa pwersang militar ng US na bombahin ang Syria sa ngalan ng "gera kontra-terorismo." Sa kabilang banda, tumanggi siyang parusahan ang prinsipe ng Saudi Arabia matapos isapubliko ang ulat na nagsangkot dito sa brutal na pagpaslang sa isang mamamahayag.

Ang pambobomba sa Syria noong Pebrero 26 ang unang aksyong militar na direktang iniutos ni Biden. Isinagawa ito sa hangganan ng Syria at Iraq. Nagresulta ito sa pagkamatay ng hindi bababa sa 17 indibidwal, na ayon sa Pentagon, ay mga milisyang Iraqi na mga myembro umano ng mga teroristang organisasyon.

Itinuring ng Syria na paglapastangan sa soberanya at teritoryal na integridad nito ang pambobomba. Taliwas ito sa pangako ni Biden na tatapusin ang gera na deka-dekada nang inilulunsad ng US sa rehiyon. Sa ngayon, iligal na inookupa ng mga tropang US at kaanib nilang mga milisya ang hilaga-silangang bahagi ng bansa. Matatagpuan dito ang Delta Crescent Energy, kumpanyang US na nagmimina ng langis at iligal na pinapasok ng Syrian Democratic Forces noong 2020.

Sa kabilang banda, walang ipinataw na sangksyon si Biden sa prinsipe ng Saudi Arabia na si Mohammed bin Salman na nag-utos sa pagdukot, pagtortyur at brutal na pagpaslang sa mamamahayag na si Jamal Khashoggi noong 2018. Kilala si Khashoggi bilang masugid na kritiko ng prinsipe. Regular siyang nagsusulat tungkol sa *crackdown* ng Saudi laban sa mga aktibista at brutal na gera nito laban sa Yemen.

Ang Saudi Arabia ang isa sa pinakamalapit na alyado ng US sa Middle East. Ito ang may pinakamalaking reserba ng langis sa buong mundo, at pinag-aangkatan ng US ng aabot sa 10 milyong bariles ng langis kada araw. AB

# Industriya ng papel, nasa bingit ng pagbagsak

Kabilang sa mga empresang nalugi at nagsara sa gitna ng pandemya ang kaisa-isang kumpanyang nagmamanupaktura ng *newsprint* (papel na ginagamit sa pag-iimprenta ng dyaryo) sa Pilipinas. Sa pagdinig ng Tariff Commission noong Pebrero 16, pormal na iniulat ng Trust International Paper Corp. (TIPCO) ang pansamantalang pagsasara ng planta nito sa Mabalacat, Pampanga noong Hunyo 2020. Nawalan ng trabaho ang lahat ng 258 manggagawa nito.

Bagamat umaasa, malabo nang makababangon ang kumpanya.

Pangunahing itinuturong dahilan sa pagkalugi ng TIPCO ang pagbaha ng *imported* na papel at kawalan ng sapat na suporta para sa lokal na mga prodyuser. Gaya ng iba pang mga lokal na kumpanya, malaki ang lugi ng kumpanya dahil malaki ang ginagastos nito sa produksyon at hindi nito kayang makipagsabayan sa mga murang produkto ng dayuhang mga kumpanya. Hindi kinaya ng kita ng kumpanya ang gastos para magpaunlad ng makinarya. Bumagsak ang benta at kita nito matapos baklasin ng gubyerno ng taripa sa inangkat na papel.

Sa konserbatibong taya ng Tariff Commission, kinakailangang patawan ang *imported* na mga produktong papel ng taripang hindi bababa sa ₱2,470 kada metriko-tonelada (MT) para maisalba ang lokal na mga kumpanya. Pero ₱980 kada MT lamang ang ipinatupad ng Department of Trade and Industry noong 2015. Ibinaba pa ito ng rehimeng Duterte tungong ₱800 noong 2016 at ₱640 noong 2017.

Marami nang mga lokal na prodyuser ng papel ang nagsara sa nakalipas na dalawang dekada. Sa ngayon, 23 na lamang ang natitirang kumpanyang nagmamanupaktura ng papel sa bansa, mula 43 noong 2001 at 27 noong 2010. Kalakhan (21) sa natitirang mga planta ay nasa Luzon. Kabilang sa mga produkto ng mga ito ang papel na pang-imprenta at panulat, tisyu, karton, *paper bag*, at *brown packaging paper* na pangunahing gawa sa imported na *virgin pulp* (produkto mula sa kahoy na ginagamit na pangunahing sangkap sa paggawa ng *high-grade* o de-kalidad na papel) at *wastepaper* (gamit na papel).

Bumagsak mula ₱26 bilyon noong 2019 tungong ₱21 bilyon noong 2020 ang kabuuang halaga ng naprodyus na papel sa bansa. Sa kabilang banda, umabot naman sa ₱71.2 bilyon ang kabuuang inangkat ng bansa noong 2019, halos pitong beses na mas mataas sa ₱10.4 bilyon na naitala noong 2005.

Malaking limitasyon sa lokal na mga prodyuser ang kawalan ng teknolohiya para magmanupaktura ng *virgin pulp*. Nagsimula ang todo-todong pag-aangkat ng *virgin pulp* ng bansa noon pang 2010 nang magsara ang Paper Industries Corporation of the Philippines (PICOP) sa Surigao del Sur. Ang PICOP ang kaisa-isang lokal na kumpanyang may kakayanan na magprodyus sa naturang produkto.

Bilang alternatiba, gumagamit ang mga lokal na mga kumpanya ng *wastepaper* sa produksyon. Mayroong tinatayang 80 planta na may kakayanang magkumbert ng *wastepaper*. Gayunpaman, iniulat ng Food ng Agriculture Organization noong 2014 na hindi sapat ang teknolohiyang ito para tugunan ang internal na *demand* sa bansa. Inaangkat din ang bahagi (10%) ng *wastepaper* na ginagamit ng mga lokal na prodyuser. Dahil atrasado ang teknolohiya sa mga plantang ito, relatibong mas mababa ang kalidad ng papel na naprodyus ng Pilipinas kumpara sa inaangkat mula sa ibang bansa. Dahil dito, natatalo sa kumpetisyon ang lokal na gawang papel ng mas malalaking dayuhang kumpanya na nakakaprodyus ng mas marami at mas mura.

Mayroon ding apat na maliliit na planta ang Pilipinas na nagpoprodyus ng *abaca pulp* na ginagamit sa paggawa ng pera, *tea bag* at iba pang produktong papel. Gayunpaman, hindi ito napakikinabangan ng bansa dahil pawang ini-eksport lamang ang kanilang mga produkto. Tinatayang dalawangkatlo ng kabuuang napoprodyus ng mga ito ay inie-eksport sa Europe. Pinakamalaki sa mga ito ang Newtech Pulp sa Lanao del Norte, subsidyaryo ng multinasyunal na kumpanyang Glatfelter na nakabase sa US. Isa sa mga kliyente nito ang Unilever, multinasyunal na kumpanyang nakabase sa Europe na nagmamay-ari sa Lipton Tea. AB

